

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
October 22, 2020 (12:07 P.M. – 1:12 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali, Pilipinas. At maraming salamat po doon sa mga bumati sa atin noong kaarawan natin kahapon. Talaga naman pong nakaka-touch iyong mga dami ng bumati, and I hope to spend more years in service of the nation. Thank you very much po for your greetings.

Unang balita po natin: Na-extend po ng Land Transportation Office ang student permit, driver's license, conductor's license ng mga Authorized Persons Outside of Residence or APORs.

Matatandaan na ayon sa IATF Resolution # 79 na inaprubahan noong Oktubre a-kinse na puwede nang lumabas ang nasa edad kinse pataas hanggang 65 anyos. Kaugnay nito, nag-issue ang LTO ng mga rules sa application ng student driver permit or driver's license, conductor's license na na-expire noong mga panahon na hindi sila pinapayagang lumabas:

- Una, walang penalties sa pag-a-apply ng renewal ng driver's license at conductor's license na na-expire noong panahong mayroong restriction.
- Pangalawa, dahil sa inaasahang pagdagsa ng mga aplikante, ang validity ng student permit, driver's license at conductor's license na nag-expire noong panahon na mayroong restriction ay na-extend po hanggang December 31, 2020.
- Pangatlo, ang registration ng mga sasakyan na may plate number na nagtatapos sa 6, 7 at 8 ay extended hanggang 31 October 2020. Samantala, ang mga plate number na nagtatapos ng 9 at 0 ay extended hanggang ika-31 ng Disyembre 2020.
- Pang-apat, ang mga rules na ito ay para lamang sa mga edad 17 hanggang 21 at mga 60 hanggang 65 anyos kung saan nag-expire ang kanilang mga lisensiya noong panahon sila ay dapat na nasa bahay lamang.

Bilang pag-alala sa mga mahal na yumao, sa nalalapit na Undas ay inuulit namin na lahat ng mga sementeryo, memorial parks, columbarium sa buong bansa ay isasara sa mga bisita mula October 29 hanggang November 4, 2020. Kaya kung may pagkakataon kayo ngayon bago mag-a-bente nuebe ay dumalaw na po kayo. Pero papaalalahanan po natin na pagdalaw ninyo sa mga sementeryo at mga crematoriums at columbariums ay kinakailangan magsuot ng facemasks at face shields at mayroong social distancing. Pinapayagan din po ang 30% ng venue capacity.

Magandang balita naman po sa mga miyembro ng Pag-IBIG, mayroong inalok na social housing loan restructuring program ang Pag-IBIG sa kanilang mga miyembro. May anim na buwan na payment relief na ibinigay kung saan ang pagbabayad ng restructured loans ay magri-resume sa March 2021.

Isang paglilinaw mula sa DPWH tungkol sa mga manggagawang Tsino sa Binondo-Intramuros Bridge at Estrella-Pantaleon Bridge na pinondohan ng bansang Tsina. Bagama't tama po iyong sinabi natin na dapat bigyan sila ng flexibility dahil ito po ay donasyon, ang sabi po ng DPWH, unang-una, karamihan daw po ng manggagawa sa mga tulay na ito ay Pilipino pa rin at ang mga Tsinong mga manggagawa ay dahil mayroon pong mga specialized technology [signal cut] ito.

Punta naman po tayo sa COVID updates. Ito po ang global update ayon sa Johns Hopkins: Mayroon na po tayong apatnapu't isang milyon or 41,109,752 na tinamaan ng COVID-19 sa buong mundo. Mayroon na rin po tayong 1,129,185 na mga namatay dahil po sa COVID sa buong mundo.

Nangunguna pa rin po ang Estados Unidos, ito po ay eight million cases; 221,000 deaths. Pumapangalawa ang India – 7.6 million cases; 115,000 deaths. Ang Brazil ay pumapangatlo – 5.2 million; 154,000 deaths. Ang Russia po ay pang-apat – 1.4 million; 24,000 deaths. At Argentina – one million at 27,500 deaths.

Dito naman po sa ating bayan ay humigit apat na milyon po ang na-test na natin sa pamamagitan ng PCR. Mayroon na po tayong mga tested na mga kababayan natin na 4,187,385. Ito po ay ginawa sa 114 licensed RT-PCR laboratories and 35 licensed GeneXpert laboratories.

Mayroon po tayo ngayong 43,990 na aktibong cases. Sa numerong ito ay 11.6% po ang asymptomatic, ang mild po ay 83%, ang severe ay 2% at ang kritikal ay 3.4%.

Naka-flash naman po sa ating mga screen critical care capacity ng ating mga ospital. Makikita ninyo po na ating ICU beds on a national basis, mayroon pa tayong 53% available; isolation beds, 58% available; ang ward beds ay 63%; at ang ventilators ay 78% available.

Hindi naman po ibig sabihin palibhasa marami pa tayong bakante sa ating mga ospital na tayo ay magpapabaya na po 'no. Alalahanin natin ang sinabi mismo ng ating Presidente: Kinakailangan mask, hugas, iwas.

Dito po nagtatapos ating presentasyon. Mayroon po tayong dalawang panauhin. Unang-una, ang aking mabuting kaibigan, si Budget Secretary Wendel Avisado para po sabihin sa atin kung magkano pa ang natitira sa Bayanihan I at magkano na po ang nailabas ng gobyerno sa Bayanihan II.

Maya-maya rin po ay sasamahan tayo ni Ambassador Chito Sta. Romana, siya po ang ating ambahador sa Tsina para malaman natin ang mga updates pagdating po sa mga Chinese vaccines na inaasahan nating magagamit natin dito sa ating bansa.

Unahin po muna natin si Secretary Wendel Avisado. Sec., pakilinaw lang po, ang sabi po ng memorya sa Senado ay marami pa pong pondo ang hindi nagagastos sa Bayanihan I. At ang sabi rin po nila, anim na bilyon lamang out of 140 billion ang nagastos sa Bayanihan II. The floor is yours, Secretary Wendel Avisado.

SEC. AVISADO: Maraming salamat po. Para malinawan tayong lahat po: Wala na pong natirang budget nung Bayanihan I, nagamit na po natin lahat iyan; at dito na nga po tayo ngayon nakatutok sa Bayanihan II.

Sa Bayanihan II naman, ang latest po natin sa ngayon ay nakapag-release na tayo ng 4 billion plus at nakasalang na po, nasa Office of the President na po for approval iyon namang ibang requests for release 'no. At masabi ko lang dito na ang mga naipadala na po natin sa Office of the President for approval ay iyon pong sa—sandali ha. Iyong napadala natin sa ano—on process po ngayon, hinahanap lang iyong sa ano, memorandum for the President.

On process po ngayon iyong DOTr na 9.5 billion assistance for PUV drivers; tapos small business corporation, 10 billion, ito po iyong sa tourism. Wala po kasing direktang budget ang Tourism kung hindi iyan nakapaloob sa small business corporation para capital infusion for COVID-19 assistance to restart enterprises and other lending programs, internet subsidy extended to MSME, cooperatives, hospital, tourism industry and OFWs.

Sa DOLE naman, mayroon tayong AKAP na 2 billion para sa OFWs. DOLE pa rin 3.1 billion cash for work for unemployed and involuntary separated displaced workers or employees in the tourism industry.

So, nandoon po sa Office of the President ngayon ang request ng DSWD na 6 billion at sa Department of Labor and Employment naman na—rather ang sa Department of Labor is 8 billion; Department of Social Welfare and Development, 6 billion; Department of Agriculture, 11.6 out of 24 billion – iyon pa lang po ang pinapadala nila sa amin. At sa Department of Health naman ay 20.5 billion para sa health-related responses. Iyon naman sa Department of Agriculture, iyong Plant, Plant, Plant; iyong 6 billion ng DSWD for Assistance to Individuals in Crisis Situation; at iyong sa Labor naman ay Tulong Panghanapbuhay, iyong TUPAD program po nila.

So, sa kabuuan po, malaki na po ang nakaatang at nakahandang perang gugugulin po ng ating pamahalaan under Bayanihan II. Kami naman po, ginagawa po namin lahat ang aming magagawa na maaksiyunan kaagad. Lamang, alam naman ng mga Kalihim natin iyan na mayroon namang proseso 'no, magsa-submit sila ng special budget request tapos iyong budget execution document pertaining to the financial plan, another budget execution document pertaining to your monthly disbursement program at saka iyong justification.

So, lahat po ng ito ay ini-evaluate po at hindi naman sila nawawalan ng pondo po. Iyan ay hindang-hindi mangyayari dahil habang pino-process po namin ang request nila, mayroon po silang pera pang nagagastos dahil po binabantayan po namin talaga na kahit na anong oras mayroon po silang pera habang pino-process po iyong additional. Hindi naman ho kasi pupuwedeng ilagak namin lahat iyong pera na alam namin na marami pa po silang hindi nagagasta. Ganoon po, parte po kasi ng mandato namin iyan on budget management. So, sana po maunawaan lang na hindi po dini-delay ng DBM ang pondo ng gobyerno, bagkus iyan po ang trabaho namin na siguruhin na may pondo ang bawat ahensiya ng pamahalaan po.

SEC. ROQUE: Well, Sec. Avisado, I hope you don't mind pero for the record, out of 140 billion po sa Bayanihan 2, magkano na po ang nailabas natin?

SEC. AVISADO: Iyon na nga po, ang nailabas na natin as stated earlier is four billion fifteen million something, tapos on process na po iyong DSWD na nasa Office of the President na nga po, that's about 46.2 billion, tapos there's another 24.6 billion na on process. So, lumalabas na po iyong effort dito. Lamang, nakasaad kasi sa batas mismo that it's only the President who can approve all of these, so, kailangan ipaabot po namin sa kaniya para kapag naaprubahan niya, mag-iisyu na kami ng SARO at saka NCA po.

SEC. ROQUE: Okay. So, mahigit kumulang kalahati na po ang na-authorize na naipalabas ng ating DBM. Maraming salamat Secretary Wendel Avisado.

SEC. AVISADO: Salamat din po.

SEC. ROQUE: And I'm sure our friends in the media will have some questions for you later.

Now, si Ambassador Chito po hahabol po siya. Habang wala pa po si Ambassador Chito and he is in Beijing itself para ikuwento sa atin kung ano na ang mga hakbang na ginawa ng Pilipinas para makaangkat po ng mga vaccines na gawa po sa Tsina ay tumuloy na muna tayo sa ating open forum at kapag dumating na sa atin si Ambassador Chito ay ibibigay po natin sa kaniya ang floor.

USEC. IGNACIO: Yes. Thank you, Secretary Roque. And good afternoon, Secretary Avisado. Secretary Roque, belated happy birthday po.

SEC. ROQUE: Thank you po.

USEC. IGNACIO: Question from Kris Jose of Remate: Reaksiyon po sa isinagawang kilos-protesta ng iba't ibang progresibong grupo sa Mendiola kahapon. Kinundena nila ang mga umano'y pang-aabuso ng gobyerno partikular na ang dinanas ng political prisoner na si Reina Mae Nasino. Binatikos nila ang kabiguan na umano'y masuportahan ang sektor ng mga magsasaka sa panahon ng pandemya. Ipinababasura nila ang Anti-Terror Law at ipinanawagan ang hustisya para kay Randy Echanis at Baby River, ang anak ni Nasino.

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo po ang karapatan ng malayang pananalita ay garantiyado po ng ating Saligang Batas. Gayun pa man, ang aking pakiusap lang po, panahon po ng COVID at kahit kayo po ay lumalaban at kalaban ng gobyerno, pinangangalagaan po namin ang inyong kalusugan. So ang pakiusap po, sundin natin, hanggang sampung tao lang po ang pagtitipun-tipon dahil ayaw po namin kayong magkasakit.

Maski kayo po ay walang ginawa kung hindi labanan ang gobyerno, Pilipino pa rin po kayo at may obligasyon pa rin kaming isalba kayo kung kayo'y magkakasakit. Make it easier for everyone po, huwag pong magtipun-tipon.

USEC. IGNACIO: Ang second question po ni Kris Jose: Pinapayagan na ba ang pagsasagawa ng kilos-protesta sa lansangan?

SEC. ROQUE: Ay, hindi pa po 'no. Ang sabi ko po hanggang sampu nga lang nga po ang pupuwedeng magtipun-tipon.

Ulitin ko po 'no: 91% of the Filipinos approved ang ginagawa ng ating Presidente, 5% ay undecided, 5% do not approve. So iyong 5% po kabahagi ang mga raliyista, Pilipino pa rin po kayo, obligasyon pa rin naming itaguyod ang inyong kalusugan, huwag pong magtipun-tipon. Ayaw namin kayong ma-COVID.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Usec. Punta tayo kay Joyce Balancio, please. Maraming salamat nga pala sa mga greetings, mga video greetings ng mga taga-Malacañang Press Corps, talagang nakakataba po ng puso. Maraming, maraming salamat po. Joyce...

JOYCE BALANCIO/DZMM: Yes, sir. Belated happy birthday po sa inyo. I hope na nakapag-enjoy po kayo kahapon kahit na may trabaho po kayo.

SEC. ROQUE: Opo. Kaya wala po tayong boses ngayon. *[laughs]* Dalawang kanta lang iyan...

JOYCE BALANCIO/DZMM: Mukhang napa-videoke kayo, sir. Doon lang po sa sinabi na update ni DBM Secretary Wendel Avisado. On the part of the Office of the President, Secretary, mayroon ba tayong timeline doon sa approval na hinihintay pa for fund release ng ibang departments?

SEC. ROQUE: Well, alam ko po that it will be released as soon as possible. Tinitingnan lang—sinisigurado lang po ng Office of the President na kinakailangan talaga iyong mga pondo na iri-release. Iyon lang po iyon.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Opo. And then, nabanggit ninyo rin po sa last interview sa inyo, Secretary Roque, pag-uusapan ng IATF iyong proposal ng metro mayors na iangat iyong venue

capacity 'no ng mga simbahan to 30%. Ito po ba'y napag-usapan na kahapon and may desisyon na po ba?

SEC. ROQUE: Mamayang hapon po ang meeting ng IATF. Kaya po naaantala ang meetings ng IATF dahil sa mga budget hearings po 'no kung saan ang DOH mismo ay humarap po sa Kamara at sa Senado. So mamayang hapon po idi-discuss iyan.

JOYCE BALANCIO/DZMM: All right. Secretary Roque, si Senator Nancy Binay is expressing concern dito po sa maraming Chinese nationals 'no na mga bata na pumapasok po sa bansa as retirees. So mayroon po ditong mga 35 years old pero retirees po sila pumapasok sa Pilipinas and data from Philippine Retirement Authority show that more than 27,000 Chinese nationals have retired in the Philippines. At ang sabi po ng Senadora, possibly they are using iyong multiple entry visa nila to illegally work in the Philippines. Now, is the Palace aware of this? Is it a cause of concern po ba para sa atin and what are we planning to do about it?

SEC. ROQUE: Alam ninyo itong special retirees visa, kinakailangan magpasok sila ng kapital. So ang kapalit po niyan kinakailangan magpasok ng foreign exchange at kapital para magkaroon po ng negosyo na mag-iempleyo nang mas marami pang Pilipino. Pero naintindihan ko naman po na iyong Board of Directors ng PRA which has its own charter will meet and consider whether or not to lift the minimum age for the special retirees visa and kami naman po, we will defer to the specialized decision of the Board of the Philippine Retirements Authority.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Can I go quickly lang po kay Secretary Avisado?

SEC. ROQUE: Yes, please.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Secretary Avisado, some senators are expressing dismay for the little budget proposed for the newly created Department of Human Settlements and Urban Development. Nasa 4 billion lang daw po ang proposed budget for that. At si Senator Franklin Drilon is comparing itong budget na 'to sa ilalaang budget para sa intelligence and confidential funds na nasa 9.6 billion. Now the Senator is saying, nasa 6.5 million ang housing backlogs po natin sa Pilipinas. So, how are we going to address this given this very little budget for the newly created department?

DBM SEC. AVISADO: You know, DHSUD has its own mandate 'no. And if we look at the law itself, it says that it will be the sole and main planning and policy making regulatory, program, coordination and performance monitoring of all housing human settlement and urban development concerns. And therefore, housing production is not with DHSUD. Housing production is with National Housing Authority and the National Housing Authority receives minimal subsidy from the national government because it has its own corporate funds. So that's the reason why there's not much funds that we can see at the department itself because its function is not on housing production po.

JOYCE BALANCIO/DZMM: All right. Thank you so much, Secretary Roque and Secretary Avisado.

SEC. ROQUE: Thank you, Joyce. Kung puwede lang po akong magdagdag diyan. Iyong mga emergency housing requirements naman natin, kapag tayo po ay may mga kababayang nasalanta ng sakuna eh iyan naman po'y manggagaling po sa budget ng NDRRMC; at mayroon pong 20 billion budget hindi lang po para sa mga nasirang mga bahay, kung hindi sa iba pang mga perwisyo na nadudulot ng mga kalamidad.

Okay. Bago po tayo magpatuloy, we'd like to welcome Ambassador Chito Sta. Romana. Ambassador, thank you for joining us today in our press briefing. Sir, ano na po ang balita? Ano na po ang mga stages ang mga bakuna at ano na pong hakbang na nagawa natin para masiguro na ang ating mga kababayan magkakaroon po ng bakuna 'pag natapos na po ang development into sa Tsina? The floor is yours, Ambassador.

AMBASSADOR STA. ROMANA: Thank you very much for having me, Secretary Harry. It's a pleasure to be here.

What we're doing here, what the Philippine embassy in Beijing is doing is really facilitating itong the contacts between DOST and DOH and the Chinese side 'no regarding the vaccine. As you know, the Chinese right now are in the advanced stage 'no, nasa phase 3. They have at least 3 to 4 vaccines that are now being tried in China 'no. They reported yesterday that—or the other day that one vaccine is about to complete the phase 3 trial and so far the results have been fairly good. There has been no report of an adverse reaction.

There is another vaccine that is under phase 3 trial and is also undergoing international experiment in Brazil and UAE. And in the UAE or in the Middle East, as far as I know there are some Filipinos 'no, over a thousand Filipinos that have been involved in the phase 3 trial. This is important because the vaccines being developed in China have been tried among Chinese patients or among Chinese citizens. But it is important to try it also with other citizens of other countries 'no that is why the Chinese have a joint program with Indonesia, Some Indonesian patients are being treated—are undergoing this phase 3 experiment. In Brazil, there is quite a number of Brazilians undergoing it so they're trying it with different nationalities.

In China they are already using the vaccine on an emergency basis for their frontliners. So lahat ng frontliners particularly in the hospitals dealing with COVID are already undergoing or have already been given the vaccine. The same with the airport personnel, those dealing with customs and those dealing with port, sa coastal ports 'no because in China basically, under control na iyong local community transmission. They're problem really is how to deal with iyong what they call imported cases, those coming in from abroad – Chinese or foreigners bringing in the virus and that's why very strict iyong testing and quarantine for international arrivals.

But back to the vaccine. So, they hope to go into mass production soon, and so the question is iyong distribution. As you know, the Philippines is one of the priority countries. This was an agreement during the phone conversation between President Duterte Xi, and this was reiterated when Secretary Locsin was here and had exchange or a conversation with the State Counselor and Foreign Minister Wang Yi.

However, distribution will be a challenge, even if we are in the priority list. One, because the Chinese companies we have been in contact would have said that we need or the recipient countries should make sure that they have the capability for receiving the vaccine. Kailangan kasi iyong tinatawag na cold chain storage. These vaccines have to be stored in the conditions na freezing conditions. Otherwise if exposed to tropical weather or to normal weather conditions, the vaccine could lose its effectiveness. So, of course, these are matters for the experts to deal with. But, basically to point out, that from our discussions with the Chinese Pharmaceutical companies, they have pointed out that the next challenge really is the distribution and the deployment of the vaccine.

Hopefully, mass production and distribution will happen in the near future, as early as November and December in terms of production. And it will depend on our capability to receive the vaccines in terms of our facilities, in terms of distribution. So, the prospect are bright in terms of a breakthrough in vaccine. As far as I know, in China there's a possibility for one or two vaccines that will be approved here soon. And of course they have to undergo iyong, their own requirements in the Philippines. Because the Philippines you have to clear iyong FDA requirements, DOST, DOH. So this is something, I think that these agencies are already preparing for. So, that is the update I can give you in terms of the vaccine development and the vaccine situation here in China.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Ambassador Chito. So lilinawin ko lang po kasi po dito sa Pilipinas, paulit-ulit sinasabi ni Presidente that Chinese have the vaccine. So parang totoo po, they already have the vaccine na binibigay na nila sa kanilang mga frontliners. Tama po ito 'no?

AMBASSADOR STA. ROMANA: Yes, as a matter of fact, beyond the frontliners. There have been reports in Chinese media that certain areas in China, some local governments are already distributing it or deploying it for certain citizens. So mayroong nangyayari diyan in a city, near Shanghai in East China na nag-uumpisa na iyan. And certainly, the company executives and employees of the different pharmaceutical companies involved in the vaccine development. They have volunteered to be part of the different phases of the trial at halos lahat iyan na vaccinate na rin.

SEC. ROQUE: Ang second clarification ko po, sinasabi rin talaga ni Presidente na may kasunduan sila ni President Xi na mayroon po tayong prayoridad. Mayroon po talaga tayong prayoridad sa distribution ng vaccine na galing po sa Tsina?

AMBASSADOR STA. ROMANA: Yes, that is true. This was reiterated during the recent visit of Secretary Locsin, and as if you look at the DFA statement this was mentioned. We are among the priority countries. Of course, ASEAN, in general, is included here but the Philippines in particular. Of course, this means that we have to get ready for the distribution and deployment of the vaccine and that is why these Chinese pharmaceutical companies that have manufactured the vaccines have been telling us that what is required really is the cold chain storage facilities around the country or certain strategic areas around the country kasi the vaccine have to be handled very well before they can be deployed.

SEC. ROQUE: Okay, naku, napakabuting balita po iyan. Maraming, maraming salamat, Ambassador Chito. And please join us because I am sure your colleagues in the Malacañang Press Corps will have some questions for you.

Ituloy na natin ang ating open forum, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary Roque. From Ronald Reyes of Manila Standard. Ano daw po ang reaksiyon ng Palasyo sa latest statement in Pope Francis on giving rights for same sex union? Pabor ba ang Palasyo dito?

SEC. ROQUE: The President have said it over and over again, pabor po siya sa isang batas na magri-recognize ng civil union sa mga parehong same sex relationships.

USEC. IGNACIO: From Dreo Calonzo of Bloomberg. Ang question niya: According to the DBM, around 46.2 billion pesos are waiting for approval from the Office of the President. What's causing the delay? And when can we expect the funds to be released?

SEC. ROQUE: Well, as I said earlier, sinisiguro lang po ng Office of the Executive Secretary na talagang kinakailangan pong i-release ang mga pondo na iyan. But the assurance is, the money is there and DBM is able and ready to issue what is known as the SARO.

JOSEPH MORONG/GMA7: Good afternoon, sir. Can I go to Ambassador Chito, first please?

SEC. ROQUE: Go ahead, please.

JOSEPH MORONG/GMA7: How are you, Ambassador? Nice to see you again.

AMBASSADOR STA. ROMANA: Kumusta ka?

JOSEPH MORONG/GMA7: Okay naman, sir. You mentioned that iyong China is already administering not just to the health care workers. But I monitored a report in the BBC that they are also administering particularly iyong Sinovac to the general population, even if it doesn't have a regulatory approval yet. My question, sir, is that, number one, iyon po ba iyong Sinovac iyong tinutukoy ninyo kanina when you said that China is already administering a vaccine? Iyon muna, sir.

AMBASSADOR STA. ROMANA: Well, I cannot confirm that that's a Sinovac vaccine; I have seen the report. Pero again, this is on a voluntary basis, those who want to try the vaccine. So kasali pa rin ito sa Phase 3 trial. Of course, the citizens know where the status is. But it's very near, it's nearing iyong approval. I was just watching a press conference the other day of the health authorities in China where they reported that 60,000 na iyong na-administer nila as part of the Phase 3, and so far no adverse reaction that they have detected. And so they are preparing their report now and I think we will see some announcement in the near future.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, iyong 60,000 po iyan po iyong—ano pong vaccine iyan, sir? kasi dalawa yata iyan isang Sinopharm, isang Sinovac.

AMBASSADOR STA. ROMANA: Yes, iyong dalawa, Sinopharm and Sinovac. I am not competent in terms of the—I just know what I understand from the press conference, and so those are the two leading candidates by the way.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, kung halimbawa or is there any offer from China to use their vaccine on an emergency basis sa atin, wala naman?

AMBASSADOR STA. ROMANA: Well, wala pa diyan iyong vaccine, so I think you have the—kasi mayroon tayong our own domestic requirements eh so you have to go through that. Now, people who may want a Sinovac, I think has applied to conduct iyong Phase 3 trial. That is being evaluated by the health authorities. So the moment ma-approve iyan then, of course on an emergency basis, should be possible.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, dalawa kasi iyong—sorry, sir, for lingering on this topic. Dalawa iyon, sir, kasi iyong ina-apply yata sabi ni FDA Director Domingo kanina is for the clinical trial. Now, puwede rin nating gamitin for emergency use if ever iyong—

AMBASSADOR STA. ROMANA: I'll leave that to the health authorities. I'm at the diplomatic side, I facilitate—

JOSEPH MORONG/GMA 7: I understand, sir.

AMBASSADOR STA. ROMANA: —contact, and the flow of information.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Just one last on this, sir.

AMBASSADOR STA. ROMANA: You have to ask the right person, not me.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Okay, sir. Sir, just one last on this topic. Sir, sabi ninyo po na sabi ng China na priority iyong Pilipinas na bibigyan, pero mayroon po bang pledges in terms of the number of vaccines that we are ready to give and is this going to be for free?

AMBASSADOR STA. ROMANA: This is subject now to discussion 'no. This is a matter that will entail more changes and discussion. So, I cannot give you a definitive answer right now but definitely in terms of number, you know, how they will do it kasi it depends on the—they're talking of hundreds of millions in terms of production dito sa China. So, the question is iyong distribution and deployment. Of course, the Chinese have also joined the WHO initiative, the COVAX system so that—they're doing it on different tracks – bilateral and multilateral.

So, a lot of it in terms of numbers will depend on their production and I know the Chinese from all reports have now been preparing. They're preparing their manufacturing facilities for the mass production of vaccines the moment approval is announced.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Yes, sir. So, sir, November ang production ang kung kailan siya makakarating sa atin—

AMBASSADOR STA. ROMANA: (Garbled) optimistically November. Near future, in the near future is the term they're using.

JOSEPH MORONG/GMA 7: All right, sir. Thank you for your time. Nice to see you again, sir.

SEC. ROQUE: Thank you, Joseph. We go back to USec. Rocky, please.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Ay! Sir, mayroon pa! Kaunti pa.

SEC. ROQUE: Round two na lang, round two. May oras naman tayo mag-round two.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Okay. Sige, sir.

USEC. IGNACIO: Okay. Secretary Roque, question from Leila Salaverria, follow-up po doon sa question ni Joyce: *Is the administration saying the four billion for DHSUD is enough and there is no need to touch the nine billion in intel funds?*

